

Taong 2025

Nilikha base sa impormasyon mula sa cabinet secretariat

# Impormasyon ukol sa Fixed Amount Tax Reduction Supplementary Benefit (Shortfall Benefit)

Ang nakatalang residente noong enero 1, 2025 ay makakatanggap ng "Fixed Amount Tax Reduction Supplementary Benefit (Shortfall Benefit)" mula sa munisipalidad na tinitirahan. Para sa mga nararapat tumanggap nito ay alamin ang proseso na nakasaad sa ibaba.

## Sino ang Maaaring Makatanggap nito ?

Ang Income tax at Resident tax na base sa Income tax sa taong 2024 ay 0 yen. (=exempted sa tax)

- Hindi → **Maaaring makatanggap ng Shortfall Benefit 1**
- Oo ↓

Nag file ka ba ng blue tax return o white tax return para sa taong 2024 o kaya ay lumagpas sa 480,000 yen ang total income sa taong 2023 at 2024?

- Hindi → **Hindi maaaring makatanggap**
- Oo ↓


Ikaw ba ay kasambahay o indibidwal na hindi sakop ng benepisyo para sa low income? (=Hindi nakakatanggap ng benepisyo)

- Hindi → **Hindi maaaring makatanggap**
- Oo → **Maaaring makatanggap ng Shortfall Benefit 2**

## Shortfall Benefit 1

Ang halaga ng Fixed Amount Tax Reduction Supplementary Benefit (Adjustment Benefit) para sa taong 2024 ay base sa kalkulasyon ng tax sa taong 2023. Matapos makumpirma ang halaga ng Income tax para sa 2024, ito ay ikukumpara sa taong 2023, **susuriin kung may pagbabago at kung mayroong shortfall** ay makakatanggap ng "Fixed Amount tax Reduction Supplementary Benefit (Shortfall Benefit)."

<Imahe>




### Mga Maaaring makatanggap ng benepisyo



- Indibidwal na kumpara sa taong 2023, mas kaunti ang income sa taong 2024
- Pagsilang ng anak, nadagdagan ang mga dependents sa loob ng taong 2024
- Matapos makatanggap ng Benepisyo ay nagkaroon ng pagbabago sa halaga ng tax
- Indibidwal na walang income sa taong 2023, subalit nagkaroon ng trabaho o income sa loob ng taong 2024 at mga bagong dating na banyagang manggagawa at iba pa

## Shortfall Benefit 2

Sa mga makakasunod sa mga requirements na nasa ibaba ay makakatanggap ng 40,000 yen kada 1 tao subalit ito ay matatanggap bilang shortfall benefit para sa Fixed Amount Tax Reduction Supplementary benefit.

**Requirements para makatanggap ng benepisyo:**

**1. Kung ang halaga ng income tax at resident tax para sa taong 2024 ay 0 yen (＝exempted sa pagbabayad ng tax)**

**2. Hindi kwalipikado bilang dependent sa ilalim ng tax system**

Ang mga sumusunod ay maaaring tumanggap ng benepisyo

・Nag file ng Blue tax return o White tax return sa taong 2024

・Ang pinagsamang income sa taong 2024 at 2023 ay lagpas sa 480,000 yen

※Empleyado ng negosyong pinamamahalaan ng pamilya (maliban sa may dependents)

**3. Hindi tumatanggap ng benepisyo para sa low income (Hindi householder o kaya ay kasambahay o tumatanggap ng benepisyo)**

Benepisyo para sa low income na sambahay:

・Benepisyo para sa mga exempted sa resident tax sa taong 2023（70,000 yen sa 1 Sambahayan)

・Benepisyo para sa mga exempted ng ilang porsyento ng resident tax sa taong 2023（100,000 yen sa 1 Sambahayan)

・Para sa mga low income na may pinapalaking anak「kabilang ang bata」(50,000 yen sa 1 bata)

・Benepisyo para sa Sambahay na bagong exempt mula sa individual residence tax sa FY 2024 (100,000 yen sa 1 bata)

### Mga Halimbawa Ng Mga dapat Tumanggap

- Para sa mga nagpa-part-time para sa kanilang Pribadong Negosyo ng kanilang Asawa
- Para sa mga tumatanggap ng Pensyon at hindi kikukonsiderang dependents ng Punong Sambahay. atbp



## Anong Mga Kailangang Pamamaraan?



**Ang mga kailangang Paraan at Taning na araw ay magkaiba depende sa inyong Munisipalidad.**

Ayon sa tuntunin, ang mga indibidual na dapat tumanggap ay makakatanggap ng mga dokumento ukol sa shortfall benefit (kabilang ang mga abiso, mga pagpapatibay na sulat, at application forms)mula sa Munisipalidad kung saan sila nakarehistro bilang residente mula Enero 1, 2025.

**Mangyaring i-tsek ang mga dokumento na inyong tinaggap at kumpletohin ang mga kinakailangang pamamaraan hanggang sa taning na araw.**

**Sa mga sumusunod na mga kaso, kayo ay ay kailangang magsampa ng kahilingan:**

・Kung inyong natanggap ang mga dokumento para sa Shortfall Benefit, subalit naniniwalang dapat ninyong muling kalkulahin ang halaga ng benepisyo.

・Kung hindi kayo tumanggap ng mga dokumento para sa Shortfall Benefit, subalit naniniwalang dapat kang tumanggap.

*Mangyaring i-tsek ang inyong Munisipalidad ukol sa paraan para mag-file ng habol.

## Saan ako maaaring Magtanong?



**Mangyaring kontakin ang inyong lokal na Munisipalidad.** Maraming Munisipalidad ang nagtatag nang dedikadong call centers, kaya mangyari pong i-tsek ang contact information ng maaga. Kung sakaling mahirap para sa inyo ang sariling pagkontak, mangyaring kontakin ang Hokkaido Foreign Resident Support Center.

011-200-9595
support@hiecc.or.jp